Masayang paghahanda sa pagdating ni Hesus

PAGPAPAHALAGA

Kagalakan, Pagtitiwala, Pag-asa

SITWASYON NG BUHAY

Mga maaaring pagpilian—

- Ang kasiyahang naranasan noong ipagdiwang niya ang kanyang kaarawan.
- Ang naranasan nang mapalipad niya ang ginawang saranggola.
- Ang pagdalaw ng kanyang mga kaibigan noong siya ay magkasakit.

PAG-UUGNAY

Hangad ng lahat ng tao sa mundo ang maging maligaya sa buhay. Ngunit magkakaiba ang pamamaraan upang makamit ang kaligayahang pinapangarap. Masaya na ang iba sa paglalaro; nasa dami naman ng kayamanan o mga laruan, damit, at iba pa ang sa iba. May mga tao namang ang kasiyahan ay nasa panunukso o panlalamang sa kapwa. Sa palagay ninyo mga tamang paraan kaya ang mga ito? Hindi kaya, panandaliang kasiyahan lamang ang kanilang nadarama?

Sa ating Ebanghelyo ngayon, ipinahahayag ni Hesus kung ano ang tunay na kagalakan para sa mga Kristiyano.

Salita ng Diyos: *Mt 11:2-11*

Ang mga Sinugo ni Juan Bautista

Noong panahong iyon: [2] Nabalitaan ni Juan Bautista, na noo'y nasa bilangguan, ang mga ginagawa ni Kristo. Kaya't nagsugo si Juan ng kanyang mga alagad at [3] ipinatanong sa kanya, "Kayo po ba ang ipinangakong paririto, o maghihintay pa kami ng iba?" [4] Sumagot si Hesus, "Bumalik kayo kay Juan at sabihin sa kanya ang inyong narinig at nakita: [5] nakakikita ang mga bulag, nakalalakad ang mga pilay, gumagaling ang mga ketongin, nakaririnig ang mga bingi, muling nabubuhay ang mga patay, at ipinangangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita. [6] Mapalad ang taong hindi nag-aalinlangan sa akin!"

[7] Pag-alis ng mga alagad ni Juan, nagsalita si Hesus sa mga tao tungkol kay Juan: "Bakit kayo lumabas sa ilang? Ano ang ibig ninyong makita? Isa bang tambo na inuugoy ng hangin? [8] Ano nga ang ibig ninyong makita? Isang taong may maringal na kasuotan? Ang mga nagdaramit ng maringal ay nasa palasyo ng mga hari!

[9] Ano nga ba ang ibig ninyong makita? Isang propeta? Oo. At sinasabi ko sa inyo, higit pa sa propeta. [10] Sapagkat si Juan ang tinutukoy ng Kasulatan: 'Narito ang sugo ko na aking ipinadadalang mauuna sa iyo; ihahanda niya ang iyong daraanan.'

[11] Sinasabi ko sa inyo: sa mga isinilang, wala pang lumilitaw na higit na dakila kay Juan Bautista; ngunit ang pinakaaba sa mga taong pinaghaharian ng Diyos ay dakila kaysa kanya."

- *Sino ang mga sinugo ni Juan Bautista upang alamin ang mga ginagawa ni Hesus?* ***(t. 2)***
- *Ano ang narinig at nakita ng mga sinugo ni Juan?* ***(tt. 5-6)***
- *Paano ipinakilala ni Hesus si Juan Bautista sa mga tao?* ***(tt. 10-11)***
- *Ano ang aking inaasahan kay Hesus bilang Mesiyas?*
- *May mga pag-aalinlangan ba ako kay Hesus? Bakit?*
- *Paano ko ito napaglabanan?*

PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

Katotohanan

Ang pagdating ni Hesus ay hindi isang panandaliang pagdalaw, kundi upang manatiling kapiling natin habambuhay. Higit sa lahat, hatid niya sa kanyang pagdating ay hindi parusa, kundi kaligtasan para sa lahat dahil tayo ay kanyang minamahal. Ang kasiyahan ay tanda ng isang tunay na Kristiyano dahil sa paniniwalang siya ay mahal ng Diyos *(KPK 501, 543; KIK 461-63).*

Pagsamba

Sa ating pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya tuwing Adbiyento, ang diwa ng kasiyahan at kagalakan ang siyang nangingibabaw sa ating mga puso bilang mga Kristiyanong natitipon sa pag-ibig ng Diyos *(KIK 1402, 1391,1396; KPK 2149).*

Pagsasabuhay

Ang kabutihan ng Diyos ay para sa lahat lalo't higit sa mga taong nawawalan na ng pag-asa sa buhay sa labis na kahirapan. Tayo ay tinatawag upang ipalaganap ang kabutihan ng Diyos sa pamamagitan ng ating ginagawa, iniisip at sinasabi. Ito ang magpapakilala sa atin na tayo ay mga anak ng Diyos at kabilang sa kanyang kaharian—ang pagkakaroon ng pag-ibig sa ating mga puso *(KPK 746-748, 741-743)*.

TUGON NG PANANAMPALATAYA

❁ Kung ikaw ang tatanungin, "Paano mo masayang hihintayin si Hesus sa kanyang pagdating sa araw ng pasko? Ano ang iyong sasabihin?"

Upang maging masaya ang aking paghihintay sa kanya, ako ay:

1.
2.
3.
4.

PAGDIRIWANG

❁ Misang Pambata

Isasaulo— **Magsaya, si Hesus ay parating na!**

KPK Korner

501. Ang Banal na Kasulatan at ang hindi nagbabagong turo ng Simbahan ay nagkakaisa sa pagpapahayag na totoong tao si Hesus. Kaya't ipinahahayag ng ating Kredo: "Pinaglihi siya sa bisa ng Espiritu Santo at ipinanganak ni Santa Mariang Birhen" *(tingnan CCC, 484-87)*. Upang maging Tagapagligtas natin "kinailangang matulad siya (Hesus) sa kanyang mga kapatid sa lahat ng paraan. Sa gayon, siya'y naging isang dakilang saserdote, mahabagin at tapat, naglilingkod sa Diyos at naghahandog ng hain sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan ng tao" *(Heb 2:17)*. "Isinilang siya ng babae, at namuhay sa ilalim ng Kautusan" *(Ga 4:4)*. Si Hesus ay "umunlad sa karunungan at lalong kinalugdan ng Diyos at ng mga tao" *(Lu 2:52)*. Naranasan niya ang kagutuman. Siya ay nagutom *(tingnan Lu 4:2)*, nauhaw *(tingnan Jn 4:7)*, tinukso *(tingnan Mt 4:1-11)*, mga matitinding damdamin *(tingnan Jn 11:33)*, at nahabag sa mga tao *(tingnan Mt 15:32)*. Sa madaling sabi, ipinakikilala ng Banal na Kasulatan si Hesus bilang ganap na tao.

2149. Paghahari ng Diyos ang ibig sabihin ng Kaharian. Inilalapit ito sa atin sa buhay, turo, Pagpapakasakit, Kamatayan at Muling Pagkabuhay ni Hesus. Nararanasan natin ito higit bilang mga kaanib ng Katawan ni Kristo na sumasamba sa Ama sa kanyang ganap na Alay ng pag-ibig sa pagdiriwang ng Eukaristiya.

746. Madalas inilalarawan ang Kristiyanong moral na pamumuhay sa isang pamarisan ng Tawag-tugon. Ang katatalakay pa lamang na Kaharian ng Diyos ay nagbibigay ng isang natatangi at magandang larawan ng Tawag ng Diyos. Sa ganoon ring paraan, ang tugon sa kaharian ay maaaring mailarawan sa tatlong dimensyon: paggalang sa kahalagahan ng iba; kaisahan sa lahat; at katapatan sa Diyos at sa isa't isa.